Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-24 NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 17 HULYO 2000, IKA 9:20 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY SAN AQUILINO

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 071
Taong 2000

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSO AT MALIGAYANG PAGBATI SA KAPATIRANG IGLESIA NI CRISTO SA PAGDIRIWANG NG KANILANG IKA-86 TAONG PAGKAKATATAG SA HULYO 27, 2000

SAPAGKA'T naging bahagi na ng tradisyong Pilipino ang gunitain taun-taon ang mahahalagang okasyong sumasagisag sa pagkakabuo, pagkakaroon o pagkakatatag ng anumang pangyayaring napakahalaga sa isang pamilya, sa isang komunidad o sa isang samahan, pansibiko man o pang-relihiyon;

SAPAGKA'T higit na masaya at pinaghahandaan ang ganitong pagdiriwang kung ito'y maraming dekada na ang inabot tulad ng sa Kapatirang Iglesia ni Cristo na ngayo'y magdiriwang ng kanilang ika-86 na taong pagkakatatag;

SAPAGKA'T sa mahalagang okasyong ito ng Kapatirang Iglesia Ni Cristo ang Sangguniang Bayan at mga namumuno ng bayang ito ay lubos na nakikiisa sa gaganaping pag-alaala sa natatanging araw na ito at umaasang higit pang pagpapala ang kanilang kamtin sa paggabay sa ispiritwal na pangangailangan ng mga mamamayan.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Angeles D. Bautista na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ng Sangguniang Bayan at mga namumuno ng bayang ito ang taospuso at maligayang pagbati sa kapatirang Iglesia Ni Cristo sa pagdiriwang ng kanilang ika-80 na taong pagkakatatag sa Hulyo 27, 2000 at sana ay magpatuloy at lumawig ang kanilang pagtulong at pakikiisa sa pamahalaan para sa kalinungan at ikabubuti ng mga mamamayan.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. Ministro Inocencio Pachico ng Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at pamamatnubay.

Pinagtibay ng lahat. 17 Hulyo 2000

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

PINATITIBAYAN:

GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/